**INTERNATIONAL NAPASA ( June 17, 2025 )**

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE SALON NG HIRATSUKA

国際交流サロンのお知らせ

Ang “***TANABATA FESTIVAL”*** sa Hiratsuka City ngayong taon ay gaganapin sa July 4 (Friday) hanggang July 6 (Sunday). At sa July 5 (Saturday) ng 10:00 ng umaga hanggang 2:00 ng hapon, ang International Exchange Association ng Hiratsuka City ay magbubukas ng “***INTERNATIONAL EXCHANGE SALON”*** sa Hachimanyama no Youkan para sa mga turistang galing sa ibang bansa. Dito ay makaka-eksperyensa ng katutubong kultura ng hapon tulad ng paggawa ng Origami, Calligraphy, Aikido, Cat’s Cradle at Japanese Chess (Shogi) . At masisiyahan din sa pagpapaletrato gamit ang smart phone habang nakasuot ng Yukata. Ang pagdalo dito ay libre at hindi na rin kailangan ang pagpapareserba***.*** Marami ring dadalong mga boluntaryong interpreter sa wikang Ingles. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa “***INTERNATION EXCHANGE ASSOCIATION”*** **Executive Office** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-25-2520 (0463-25-2520).**

## 2)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa June 22 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 3)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa June 28 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***YOKOHAMA F MARINOS.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa mga matatanda at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 4)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa June 28 (Saturday) ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Dito ay magbebenta rin ng mga lokal na gulay. Ang mga sariwang isda at Shonan Shirasu ay mag-uumpisa ng pagbebenta mula 10:00 ng umaga. At ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda.

Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

## 5)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa June 18 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Kaneko Kazumi Concert"*** at mula 6:00 hanggang 7:00 ng hapon ay isasagawa naman ang ang concert na ***"Musica Canino Concert".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 ( 0463-35-7114).**